
# BIBLE STUDY

SMALL GROUP SESSION

Colosas 4:1-18

May 21- June 03, 2023

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# MAHALAGANG PRINSIPYO
## SA BUHAY

Colosas 4:1-18



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon



# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

1 Mga amo, maging mabuti kayo at makatarungan sa
mga naglilingkod sa inyo. Alalahanin ninyong kayo man
ay may Panginoon sa langit.

**Thanksgiving and Prayer**

2 Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging
handa at nagpapasalamat sa Diyos. 3 Idalangin ninyo
sa Diyos na bigyan kami ng pagkakataon na
maipangaral ang kanyang salita at maipahayag ang
hiwaga ni Cristo, ang sanhi ng pagkabilanggo ko
ngayon.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 Ipanalangin din ninyong maipahayag ko ito nang buong linaw, gaya ng nararapat.

5 Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi
nananampalataya at samantalahin ninyo ang bawat
pagkakataon. 6 Sikapin ninyong laging maging kaaya-
aya at kapaki-pakinabang ang inyong pananalita sa
kanila, at matuto kayong sumagot nang tama sa lahat
ng tao.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Pangwakas na Pagbati

7 Si Tiquico ang magbabalita sa inyo tungkol sa
kalagayan ko rito. Siya ay minamahal naming kapatid,
tapat na lingkod at kamanggagawa sa Panginoon. 8
Pinapunta ko siya riyan para malaman ninyo ang
aming kalagayan, nang sa gayon ay lumakas ang
inyong loob. 9 Kasama niya ang tapat at minamahal
nating kapatid na si Onesimo, na kasamahan ninyo.
Sila ang magbabalita sa inyo ng lahat ng nangyari dito.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

10 Kinukumusta kayo ni Aristarco, na bilanggo ring
kasama ko, at ni Marcos na pinsan ni Bernabe. Tungkol
naman kay Marcos, mayroon nang bilin sa inyo na
malugod ninyo siyang tanggapin pagdating niya riyan.
11 Kinukumusta rin kayo ni Jesus na kilala rin sa
pangalang Justo. Silang tatlo lamang ang mga
mananampalatayang Judio na kasama ko rito sa
pangangaral tungkol sa kaharian ng Diyos, at sila'y
malaking tulong sa akin.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

12 Kinukumusta rin kayo ng kasamahan ninyong si
Epafras, na lingkod ni Cristo Jesus. Lagi niyang
idinadalangin nang buong taimtim na kayo'y maging
matatag, ganap, at lubos na panatag sa kalooban ng
Diyos. 13 Saksi ako sa pagsisikap niya para sa inyo at sa
mga nasa Laodicea at Hierapolis. 14 Nangungumusta
rin sa inyo si Demas at ang minamahal nating
manggagamot na si Lucas.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

15 Ikumusta ninyo ako sa mga kapatid sa Laodicea,
gayundin kay Nimfa at sa iglesyang nagtitipon sa
kanyang bahay. 16 Pagkabasa ninyo ng sulat na ito,
ipabasa rin ninyo ito sa iglesya sa Laodicea. Basahin din
ninyo ang sulat kong manggagaling doon. 17 At
pakisabi ninyo kay Arquipo na tapusin ang gawaing
tinanggap niya sa Panginoon.

# Colosas 4:1-18

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

18 Ako mismong si Pablo ang sumusulat ng pagbating
ito. Huwag ninyong kalimutan na ako'y nakabilanggo.

Sumainyo nawa ang kagandahang-loob ng Diyos.

# MAHALAGANG PRINSIPYO
## SA BUHAY

"Susuportahan ko ang aking mga kasama sa ministeryo sa pamamagitan ng matatag na panalangin at pampatibay-loob."



Kanino isinulat ni Apostol Pablo ang Colosas 4?




Pagtuklas 1

Colosas 4:1-18

Ano ang kanyang mga tagubilin sa mga simbahan?




## Pagtuklas 2

Colosas 4:1-18

Sino ang walong (8) lalaking binanggit ni Apostol Pablo bilang kaniyang mga kasama sa ministeryo, at paano niya sila inilarawan?




## Pagtuklas 3

Colosas 4:1-18

Sino ang pinadalhan ng mga pagbati ni Apostol Pablo?
(vv. 15–17)




## Pagtuklas 4

Colosas 4:1–18

Ano ang layunin ng malawak na pagbati ni Pablo sa kaniyang mga kasama sa ministeryo (ang walong lalaki)?



## Pag-unawa 1

Colosas 4:1-18

Bakit binanggit ni Pablo na isinulat niya ang pagbating ito gamit ang sarili niyang kamay?



**Pag-unawa** 2

Colosas 4:1-18

Sinulat ni Pablo ang liham na ito habang nasa bilangguan. Sa kabila ng kaniyang mga kalagayan, sa palagay mo bakit siya napapaligiran ng mga kapatid na nagtutulungan sa kaniya? Ano ang matututuhan natin dito?

# Pag-unawa 3

Colosas 4:1-18




Sino ang mga taong tumulong sa iyong lumago sa pananampalataya? Paano at bakit espesyal at kailangan ang kanilang impluwensya? Paano mo ito magagawa para sa iba?


# Pagtugon

Colosas 4:1-18

1




Mag-isip ng isang tao na nangangailangan ng pampatibay-loob. Magsikap na makipag-ugnayan sa taong iyon sa linggong ito at patatagin sila sa pamamagitan ng iyong mga salita.



**Pagtugon** 2

Colosas 4:1-18

Gumugol ng ilang oras para iangat ang mga pinag-uusig na kapatid sa buong daigdig. Kailangan nila ang iyong mga panalangin.



## Pagtugon 3

Colosas 4:1-18

# MAHALAGANG PRINSIPYO

## SA BUHAY

“Susuportahan ko ang aking mga kasama sa ministeryo sa pamamagitan ng matatag na panalangin at pampatibay-loob.”



# MAHALAGANG PRINSIPYO
## SA BUHAY

Colosas 4:1-18



**Pagtuklas**



**Pag-unawa**



**Pagtugon**




Small Group Sessions
CLOSING PRAYER


# BIBLE STUDY

SMALL GROUP SESSION

## Colosas 4:1-18

## See You Next Week!

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584